

Kakayahang Diskurso ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo sa Pagsulat ng Komposisyon

Maria Eliza S. Lopez

College of Teacher Education, Mariano Marcos State University,
Philippines
lmeliza62@yahoo.com

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**

Vol. 8 No.2, 15-21

May 2020 Part II

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

ASEAN Citation Index

Date Received: August 28, 2019; Date Revised: April 16, 2020

Abstract - This study revealed how college students use discourse competence in their composition writing. Descriptive method of research was used in this study along with Stratified random sampling. From the population of 2,847 students who wrote compositions, 142 or 5% of them were taken as sample. The instruments used included composition writing and interview schedule instrument. Based from the analysis of their written output, the students used various discourse competence in expressing their ideas and thoughts which included the following: use of reference, use of conjunction, repetition of terms, enumeration, use of ellipsis, parallelism, collocation and synonyms. The discourse competence used by students in their composition writings were validated through group interview. According to the respondents, they use discourse competence because they want to avoid using the same word in a sentence or paragraph, they lack vocabulary, they do not want to have tedious long sentences and due to the influence of texting. Based from the results of the study, a learning plan was developed to be used in teaching writing. The use of discourse competence in composition writing is due to the limited Filipino vocabulary of the students. Their usual way of writing is influenced by modern technology and the social media. There is a need to increase the amount of time in teaching writing so that students will fully understand how to write properly. Considerable time is needed for them to be able to write clear and concise compositions to satisfy the requirements of the Basic Education Curriculum of the Department of Education. Varied writing exercises are also given to further develop and enhance their writing skills.

Keywords –Discourse competence, written communication, writing composition

Abstrak –Natuklasan sa pag-aaral na ito ang paggamit ng mga mag-aaral sa kolehiyo ng kakayahang diskurso sa pagsulat ng komposisyon. Ginamit ang pamamaraang deskriptib sa pagkuha ng datos. Stratified random sampling ang ginamit sa pagkuha ng mga kalahok sa pag-aaral. Mula sa kabuoang bilang na 2,847 na pinasulat ng komposisyon, limang bahagdan o 142 ang kinuhang sampol. Pagpapasulat ng komposisyon at interview schedule instrument ang ginamit na instrumento sa pag-aaral. Batay sa resulta ng pagsusuri, natuklasan ang paggamit ng mga mag-aaral ng kakayahang diskurso sa pagsulat ng komposisyonsa pagpapahayag ng kanilang kaisipan gaya ng mga sumusunod: paggamit ng panghalip o referens, paggamit ng pangatnig, pag-uulit ng pangunahing terminolohiya, pag-iisa-isa o enumerasyon, paggamit ng ellipsis, estrukturang parallel o paralelismo, collocation at kasingkahulugan o sinonims. Pinagtibay ang mga natuklasang kakayahang diskurso sa pamamagitan ng pakikipanayam sa grupo ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang kolehiyo ng unibersidad. Ayon sa mga mag-aaral, ang paggamit ng kakayahang diskurso sa kanilang mga isinulat na komposisyon ay bunga ng pag-iwas sa paulit-ulit na paggamit ng mga salita, kakulangan sa talasalitaan, pagkabagot sa pagsulat ng mahahabang salita, at impluwensiya ng pagtetext. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, isang gabay sa pagtuturo o learning plan ang binuo na magagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat. Ang paggamit ng kakayahang diskurso sa pagsulat ng komposisyon ay bunga ng limitadongkaalamang mga mag-aaral sa bokabularyo ng wikang Filipino. Ang nakasanayang paraan ng pagsulat ay dulot ng makabagong teknolohiya at impluwensiya ng mga nababasa sa social media. Upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pamamaraan ng pagsulat, kailangang dagdagan ang oras na ilalaan sa pagtuturo ng pagsulat. Makatutulong ito upang mas mabigyan nang sapat na panahon ang mga mag-aaral na makasulat nang maayos at may kaisahang komposisyon. Magiging tugon din ito sa nakapaloob sa gabay pangkurikulum ng batayang edukasyon ng Kagawaran ng Edukasyon na kailangang malinang ang pagsulat bilang kasanayang pampagkatuto. Magbigay ng iba't ibang pagsasanay ang mga guro sa mga mag-aaral para lalong mabigay ang kanilang kasanayan sa pagsulat.

Susing Salita (Keywords) – Kakayahang diskurso, komunikasyong pasulat, pagsulat ng komposisyon

INTRODUKSIYON

Ang pagsulat ay isang paraan ng pagpaparating ng isip at damdamin ng isang tao. Ang mga hindi kayang sabihin nang pasalita ay ipinahahayag sa pamamagitan ng pasulat. May mga pagkakataong mas pipiliin pa na iparating ng pasulat ang kaisipan at saloobin dahil sa paniniwalang higit itong mabisa kaysa sa paraang berbal. Kung gayon, mahalaga ang pagsulat upang maiparating ang mensahe sa mambabasa. Dahil dito, upang higit na malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay ginawang bahagi ng kurikulum sa lahat ng antas ng edukasyon mula elementarya hanggang kolehiyo [1]. Kaya isa sa pangunahing ipinagagawa sa mga mag-aaral upang malaman ang kahusayan nila sa pagsulat ay ang paggawa ng komposisyon.

Nakapaloob sa gabay pangkurikulum ng elementarya ang pagsulat bilang bahagi ng mga kasanayang pampagkatuto na kailangang linangin sa bawat mag-aaral. Nagagawa ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga sulating pormal o di-pormal. Ang karaniwang paksa ng kanilang mga sulatin ay mga simpleng pangyayari sa kanilang buhay o karanasan, mga namamasid sa kapaligiran, mga nababasa o mga napapanood.

Bilang pagsunod sa Batayang Pangangailangan sa Sining ng Komunikasyon, kinakailangang maituro sa bawat mag-aaral sa elementarya ang mga batayang kaalaman sa pagsulat ng komposisyon nang sa gayon ay magkaroon na sila nang sapat na kasanayan sa pagsulat pagtuntong nila sa hay-iskul at kolehiyo. Subalit, ang mga natutuhang kasanayan sa pagsulat ng komposisyon sa batayang antas ay hindi sapat kung kayanakakaisipatnakabubuo ang mga mag-aaral ng mga paraan na magagamit nila sa pagsulat sa pagpapahayag ng kanilang mensahe o naiisip.

Maraming oras ang ginugugol ng mga mag-aaral sa pagsulat lalo na kung walang sapat na kaalaman sa paksa. Subalit gaya rin ng mga mahihirap na gawain, mapapadali ang pagsulat kung ang manunulat ay may sapat na kaalaman sa mga kakayahang diskurso namagamit upang madaling maipahayag ang kaniyang kaisipan. Kung ginagamit niya nang maayos ang mga ito nagiging higit na madali ang pag-unawa ng mambabasa sa mensaheng nais niyang iparating. Nagiging epektibo ang pakikipagtalastasan kung natatamo ang layunin ng komunikasyon. Subalit nagiging walang sains ang pakikipagkomunikasyon kung bigong maiparating sa kausap ang kahulugan, kaisipan at damdamin ng nagsasalita o sumusulat.

Sa apat na makrokanayang nililina sa mga mag-aaral, higit na binibigyang-tuon ang pakikinig (53%), pagsasalita (32%), pagbasa (14%), at panghuli ang pagsulat (11%) [2]. Sa apat na makrokanayang nailahad, ang pagsulat ang may pinakamababang porsiyento. Kulang ang oras na ginugugol sa pagtatalakay at pagpapagawa ng mga gawaing pasulat lalo na sa pagbuo ng mga komposisyon. Kaya kung nagpapasulat na ang guro ng isang komposisyon, hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng idea at hindi organisado, kaya nakakaisip ang mga mag-aaral ng paraan kung paano maiparating ang mensahe nang malinaw. Ang resulta, gumagamit sila ng mga kakayahang diskurso.

Gayunpaman, lumalabas na karaniwang problema ng mga guro ang pagpapasulat ng komposisyon sa mga mag-aaral dahil sa kakulangan ng kaalaman tungkol sa maayos o organisadong pagsulat. Ang manunulat ay kailangang makapagpahayag ng sariling kaisipan nang maayos upang maintindihan ng kausap. Ito ay nangangahulugang dapat na mayaman siya sa mga talasalitaan o salitang gagamitin niya sa pagbuo ng kaniyang sulatin. Kinakailangan ding akma at wasto ang mga pangungusap na gagamitin upang hindi ito magdulot ng kalituhan sa tumatanggap o pinatutungkulan ng mensahe ng kaniyang sulatin.

Nakagagawa ng maraming kamalian ang mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Ito ay mga kamalian sa gramatika, hindi paggamit ng mga angkop na salita, at walang kaisahan. Ang mga kamaliang ito sa pagsulat ay sadyang nakasasagabal sa pagpapahayag ng kanilang mga kaisipan kaya hindi nagiging mabisa ang kanilang pakikipagkomunikasyon. Kaya ang paggamit ng kakayahang diskurso sa pagpapahayag ng iniisip o nadarama ay mahalaga at ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng pasalita o pasulat. Ayon kina Canale at Swain [3] ang kakayahang diskurso ay ang paggamit ng wika sa pagpapahayag at kung paano ginagamit ang wika upang unawain ang teksto, gaya ng paggamit ng panghalip, pangatnig, pag-uulit ng pangunahing salita, at iba pang bahagi ng panalita. Bahagi ito ng kakayahang pangkomunikatibo na tumutukoy sa kakayahan ng mga nag-uusap at sumusulat ayon sa paggamit ng wastong gramatika at ang kakayahang magamit ang mga ito sa wasto at angkop na pagkakataon. Ginagamit ito upang higit siyang maunawaan ng kausap at malinaw niyang maiparating ang kaniyang mensahe sa iba sa paraang pasalita o pasulat. Binanggit pa ni Bachman [4] na ang

kakayahang diskurso ay sumasaklaw sa kakayahang magamit ang gramatika sa angkop na pagkakataon o sitwasyon gaya ng wastong kaalaman sa talasalitaan, morpolohiya, sintaks at ponolohiya, ang anyo, porma at ang pagkakabuo ng mga salita sa loob ng pangungusap.

Mahalagang maunawaan ng sinumang mambabasa ang konsepto ng pasulat na diskurso sapagkat maituturing ding komunikasyong di-berbal na ginagamitsa aktuwal na pagsulat ng teksto na nakatutulong upang makabuo ng isang maayos at makabuluhang bahagi ng komunikasyon [5]. Hindi sapat na pinakikinggan lamang ang sinasabi ng iba upang maunawaan ang ibig nitong tukuyin, kundi kinakailangang maisulat niya ang anumang idea upang malinaw na masuri ang nais nitong ipabatid.

Walang sinumang indibidwal ang perpektong nakakapagsalita sa sariling wika na hindi gumagamit ng mga paraan ng pagpapahayag gaya ng kakayahang diskurso. Bunga nito, upang maipagpatuloy ang komunikasyon, pasalita man o pasulat, gumagamit ang tao ng mga ito upang tuloy-tuloy ang daloy ng komunikasyon. Kung wala ito, hindikailanman magiging epektibo at matagumpay ang komunikasyon.

Ang paggamit ng kakayahang diskurso sa pagsulat sa pangalawang wika ay nagdudulot ng maraming kamalian sa buong pahayag o komposisyon. Nangyayari ito kung ang mag-aaral ay gumagamit ng mga salitang hindi angkop dahil sa kakulangan ng kaalaman sa wikang ginagamit [6]. Sa ganitong sitwasyon, nararapat lamang na suriing mabuti ng mag-aaral ang kaniyang isusulat at kung paano niya ito isusulat. Dahil sa aspektong ito, kailangang isaalang-alang ng mag-aaral ang saloobin at damdamin ng kaniyang mambabasa tungkol sa paksang susulatin.

Malaki kung gayon ang tungkulin ng bawat guro na linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa larang ng pagsulat. Batay sa karanasan ng mananaliksik at sa mga nakapanayam na guro, walumpung porsiyento (80%) sa mga mag-aaral ang hindi nakakasulat nang maayos na komposisyon. Maraming kamalian sa gramatika, hindi organisado ang pagkakasunod-sunod ng mga idea, hindi sistematiko, at walang kaisahan. Nagkakahalo-halo rin ang mga salitang Ingles at Filipino sa pagsulat ng komposisyon. Walang maayos na kaisipan at walang pagsasaalang-alang sa mga bahagi gaya ng panimula, nilalaman at wakas. Ito ang nagbunsod sa mananaliksik upang pag-aralan ang kakayahang

diskurso ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon at makabuo ng gagamiting patnubay upang magsilbi itong gabay paramapabuti pa ang pamamaraan ng pagtuturo ng komposisyon sa anumang antas ng edukasyon.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na 1) masuri at matukoy ang mga kakayahang diskurso na ginamit ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa pagsulat ng komposisyon, at 2) makabuo ng gabay sa pagtuturo na magagamit sa pagtuturo ng pagsulat.

PAMAMARAANG GINAMIT

Ginamit sapag-aaral na ito ang pamaraang deskriptib upang suriin at ilarawan ang kakayahang diskurso na ginamit ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa pagsulat ng komposisyon sa asignaturang Filipino Ing Mariano Marcos State University (MMSU).

Pinasulat ng dalawang liham ang mga mag-aaral upang matukoy ang kakayahang diskurso na ginamit nila at kung may pagkakapareho sa mga ginamit na diskurso sa dalawang liham na kanilang isinulat. Sa pamamagitan ng *stratified random sampling*, limang bahagdan mula sa kabuoang bilang na 2,847 na kumukuha ng Filipino 1, 142 komposisyon ang kinuha upang gamiting sampol sa pagsusuri. Bukod sa mga isinulat na komposisyon, ginamit ding instrumento ang interview schedule instrument (IS) upang makapanayam ang grupo ng mga mag-aaral. Ang pakikipanayam sa mga mag-aaral ay bilang pagkumpirma sa lumabas na resulta ng mga ginamit na kakayahang diskurso sa mga isinulat na komposisyon. Isa-isang binasa at sinuri ang mga komposisyon at binigyan ng interpretasyon gamit ang frequency counts, ranggo, bahagdan, at average. Mula sa resulta ng pagsusuri, isang learning plan o gabay sa pagtuturo ang binuo ng mananaliksik upang gamiting patnubay ng guro sa paghahanda ng kanilang aralin na makatutulong sa mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Tatlong ekspertoang nagsilbing ebalweytor ng binuong mungkahing gabay sa pagtuturo.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Inilalahad dito ang resulta ng pagsusuri sa kakayahang diskurso na ginamit ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon. Mula sa datos, walo (8) ang lumabas na kategorya na ginamit sa kakayahang diskurso.

Talahanayan 1. Kakayahang Diskurso na Ginamit sa Pagsulat ng Komposisyon

Kakayahang Diskurso	Para sa kamag-aral		Para sa guro		Ave.
	Blg.	%	Blg.	%	
Paggamit ng panghalip/referens	710	70.16	542	73.24	71.9
Paggamit ng pangatnig	183	18.08	100	13.51	15.8
Pag-uulit ng pangunahing terminolohiya	44	4.35	19	2.57	6.9
Pag-iisa-isa o enumerasyon	31	3.06	20	2.84	3.0
Elipsis	14	1.38	29	3.92	2.7
Estrukturang parallel	13	1.28	13	1.76	3.0
Kolokasyon/collocation	11	1.09	14	1.83	1.5
Kasingkahulugan o sinonims	6	0.59	2	0.27	0.9

Mula sa Talahanayan 1, ginamit ng mga mag-aaral ang walong kategorya ng kakayahang diskurso kapuwa sa kanilang liham sa kamag-aral at sa guro bagamat may bahagyang pagkakaiba sa ranggo ng pagkakagamit ng mga ito.

Lumalabas sa pagsusuri na karaniwang ginamit sa komposisyon ang panghalip o reperensya ayon sa isinasaad ng pangkalahatang bahagdan na 71.9. Samantala, ang paggamit ng pangatnig, pag-uulit ng pangunahing terminolohiya, pag-iisa-isa o enumerasyon, elipsis, estrukturang parallel o paralelismo ay ginamit din. Pinakamadalang ang paggamit ng kolokasyon (1.5%) at kasingkahulugan o sinonims (0.9%).

Ang paggamit ng panghalip o referens ay karaniwang ginagamit bilang panghalili sa mga pangngalan upang maiwasan ang paulit-ulit na pagbanggit sa mga ito para mas magiging maayos ang daloy ng idea. Lumabas sa pagsusuri na ang panghalip ay ginamit upang tukuyin ang tao o bagay. Ito ay makatutulong upang lalong magkaroon ng ugnayan ang mga salitang ginamit sa komposisyon nang sa gayon ay malinaw na maiparating ang mensaheng nais ihatid sa sinusulatan. Sa madaling sabi, kanino man patungkol ang liham, karaniwan ng ginagamit ng mga mag-aaral ang panghalip o reperensya bilang bahagi ng kakayahang diskurso. Samakatuwid, mas madali para sa mga mag-aaral ang paggamit nito bilang paraan ng paghahatid ng kanilang mensahe sa sinumang sinusulatan.

Ang paggamit ng pangatnig bilang komponent ng kakayahang diskurso ay malinaw na ginamit sa mga komposisyong sinuri. Ito ay upang mapanatili ang pagkakaugnay-ugnay ng mga idea sa isang sulatin. Ito

ay devays panggramatikal na ginagamit sapag-uugnay ng mga elemento ng pangungusap [7]. Sa pamamagitan ng paggamit ng pangatnig, napag-uugnay ang mga salita, parirala, sugnay at pangungusap upang makabuo ng mas malinaw na kaisipan gaya ng pag-uugnay ng mga salitang magkatimbang, pagdaragdag, pagsasaad ng bunga o resulta, pagsasama ng dalawang pang-abay, at pagsasaad ng kahulugang pagsalungat sa mga naunang idea na ipinahayag.

Ang pag-uulit sa paggamit ng pangunahing terminolohiya ang pangatlong ginamit sa mga komposisyon. Ito ang kakayahang diskurso na ginamit ng mga mag-aaral sa pagbuo ng komposisyon upang makatulong na mapanatili ang ugnayan at kaisahan ng mga salita upang bigyang-diin ang salitang ginamit para mas maging malinaw ang mensahe.

Ang pag-iisa-isa o enumerasyon ay napalitaw din sa mga sinuring komposisyon. Ang devays na ito ay ginagamit sa pagbuo ng sulatin upang maipakilala ang pagkakaroon ng pagkakaugnayan ng mga inilalahad na idea. Ang paggamit ng kakayahang diskurso na pag-iisa ay nakatutulong sa paglililaw ng mga detalye at impormasyong gustong iparating. Nagiging mas organisado ang paglalahad ng mga detalye sa pamamagitan ng pag-iisa-isa sa tulong ng paggamit ng mga salitang una, ikalawa, ikatlo, ikaapat. Ang mga salitang ito ay nagbibigay-signal sa sinulatan ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga hakbang na makapagbibigay-linaw sa mga bagay na dapat sundin o gawin.

Lumabas din sa pagsusuri ang paggamit ng ellipsis. Ito ay isang devays na ginagamit sa pagpapakilala ng pagkakaugnay ng mga idea sa isang sulatin. Sadyang inaalis ng sumusulat ang mga letra, salita, parirala o maging ng ilang pangungusap sa teksto. Ang mga nawawalang salita ay pinapalitan ng magkakasunod na tuldok (...), linya (____) o kaya magkakasunod na asterisk (***) . Ginagamit ito bilang paraan ng paghahatid ng impormasyon na ang kahulugan ay hindi lantarang sinasabi. Kapag nagsusulat ng komposisyon, inaasahang isinusulat ang lahat ng mga nalalaman nang naaayon sa wastong paggamit ng gramatika upang lubusang maintindihan. Subalit may mga pagkakataong kinakaltas na lamang ang mga bahaging hindi na kailangang banggitin pa dahil ipinalalagay na naiintindihan o nauunawaan na ng bumabasa ang kaniyang teksto [8].

Makikita rin ang paggamit ng estrukturang parallel o paralelismo sa mga sinuring komposisyon. Ang paggamit ng paralelismo ay nakatutulong sa

mambabasa na masundan ang daloy ng mga idea ng talata. Ang paggamit ng estrukturang parallel ay may malaking naitutulong para mapanatili ang pagkakaugnay ng mga kaisipan ng sumulat nanais niyang ipaabot sa mambabasa sa pamamagitan ng kaniyang liham. Ito ay pagpapatibay sa pahayag nina Healy at Walusayi na:

Writers also use parallelism in crafting their sentences when they want to go beyond showing more balance or contrast to deliver sentences that have style, rhythm, and impact [9].

Ginamit din ang kolokasyon o collocation sa mga isinulat na komposisyon. Ito ay tumutukoy sa pagkakasunod-sunod ng mga salita na pinagsama upang ilarawan ang isang bagay o pangyayari. Inilalarawan ng kolokasyon ang restriksiyon sa pagsasama ng mga salita, tulad halimbawa ng pagsasama ng pang-uri at ng pang-uring tinuturingan gaya ng *matangkad na babae* sa halip na *mataas na babae*. Maaaring ang pinagsamang salita ay pang-abay at pang-uri gaya ng *sobrang madaldal*, pang-uri at pangngalan gaya ng *mabait na bata*, pangngalan sa kapuwa pangngalan gaya ng *batang kalye*, pandiwa at pangngalan gaya ng *uminom ng gamot*, at pandiwa at pang-abay gaya ng *lumakad nang mabilis*. Ipinahihiwatig ng mga sinuring datos na ang paggamit ng mga tamang salitang pinagsasama ay nakatutulong sa paglilinaw ng idea ng isang sulatin. Ito ay nagpapatibay sa pahayag ni Jorda [10] na ang paggamit ng kolokasyon ay may sariling kakanyahan at kagandahan na nagbibigay-kulay sa isang komposisyon dahil sa pagkakaroon nito ng sariling katangian at kahulugan kapag pinagsama ang dalawang salita. Mula sa mga sinuring datos, napatunayan na ginamit ng mga mag-aaral ang kolokasyon upang maipakita ang pagkakaugnayan ng mga idea sa kanilang komposisyon.

Ang kasingkahulugan ay mga salitang magkakatulad ang ibig sabihin o kahulugan nito. Makikita na ginamit ang mga ito sa mga isinulat na komposisyon ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay nagbibigay ng barayti sa pagpili ng mga salita na makatutulong sa mambabasa na magpokus sa idea na tinatalakay. Kapag naging lantad na lantad ang direktang pag-uulit sa salita, mas makabubuting gumamit ng kasingkahulugan nito upang maiwasang ulitin pa ito para magkaroon ng baryasyon sa mga salitang ginamit.

Ang walong kakayahang diskursong lumabas sa pagsusuri ay pinatunayan nina Halliday at Hasan [11] na ang kakayahang diskurso ay nakatuon sa kohesyon gaya ng anaphoric reference, substitusyon (panghalip), ellipsis, pangatnig at ang kohesyong leksikal. Binibigyang-tuon dito ang kabuoan ng konseptuwal na estruktura ng buong teksto at ang epekto nito sa gumagamit ng wika o sa pinatutungkulan, gayundin sa kahulugan ng mga salitang ginamit. Ito ang kakayahan sa pagsasama-sama ng mga pangugusap at idea upang magkaroon ng kaisahan at pagkakaugnay-ugnay ng mga kaisipan. Kaya sa mga nailahad, ang pasulat na diskurso ay halos katulad din ng iba pang paraan ng pagpapahayag na nangangailangan ng sapat na paghahanda. Maging maingat sa paggamit ng mga salita upang hindi masira ang kabuoan ng komposisyon.

Lumalabas sa resulta na kailangang isaalang-alang ang estrukturang panggramatika ng wika upang makita ang ugnayan ng bawat salita o pangugusap sa teksto na ginamit. Ayon kay Malicsi [12] hindi lamang nakasentro sa mga serye ng pangugusap ng pasulat na diskurso kundi ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangugusap gaya ng panghalip, aspekto ng pandiwa, pangatnig, pang-abay at iba pa. Bawat anyo ng pasulat na diskurso ay may iba't ibang tungkuling panggramatika na sinusunod upang maging maayos ang kabuoan ng pangugusap.

Sa kinalabasan ng pag-aanalisa ng mga datos, kinumpirma ang mga ito sa pamamagitan ng pakikipanayam sa grupo ng mga mag-aaral, lumalabas na iniwasan ng mga mag-aaral na ulit-uliting banggitin ang mga salita kaya higit na lumabas sa pagsusuri ang paggamit ng panghalip. Bukod doon, malaki rin ang impluwensiya ng mga natutuhan sa gramatika kaya may mga pagkakataon na nais nilang gumawa ng paraan para mas malinaw na maiparating ang mensahe. Ang kakulangan sa talasalitaan ang isa ring dahilan kaya napipilitan ang mga mag-aaral na manghiram ng mga salitang Ingles. Ayon kay Villafuerte [13] may dalawang uri ng panghihiram sa ibang wika, ito ay ang panghihiram na dayalektal at panghihiram na kultural. Ang una ay may kinalaman sa mga taga-lalawigang di-Tagalog ang unang wika ngunit sila ay nakakapagsalita at nakauunawa ng Tagalog kaya madaling maimpluwensiyahan ng kaniyang pangalawang wika, samantala sa pangalawa ay tumutukoy sa mga salitang hiniram sa ibang bansa ngunit patuloy pa ring ginagamit dahil naging bahagi na ito ng ating kultura. Kaya naman, hindi maiaalis na manghiram ng mga salita sa Ingles na hindi binabago

ang baybay. Binanggit din ng mga nakapanayam na ang pagkabagot sa pagsulat ng mahahabang salita at ang nakasanayang paraan ng paghahatid ng mensahe sa pamamagtan ng text ang mga dahilan din para gamitin ang kakayahang diskurso sa pagsulat. Bawat kasagutan ng mga mag-aaral ay kumukumpirma sa kakayahang diskurso na ginamit nila sa pagsulat ng komposisyon.

Mula sa resulta ng pag-aaral, ang paggamit ng mga mag-aaral ng kakayahang diskurso ay isang paraan upang malayang maipahayag nila ang kanilang saloobin at malinaw na maiparating ang mensahe sa pinag-uukulan. Ito ay ang kakayahang ipahayag ang saloobin at idea sa tulong ng kakayahang diskurso upang tuloy-tuloy ang daloy ng komunikasyon. Ito ang mga karaniwang pamamaraan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon.

Nag-iiba-iba man ang paraanng pagpaparating ng mensahe sa pasulat na paraan, nagiging malaking tulong ito upang mas malinaw na masabi o maipahayag ang nararamdaman sa sinusulatan. Nagiging epektibo ito para sa mga mag-aaral upang madagdagan ang kaalaman sa paggamit ng target na wika.

Upang matulungan ang mga guro at mag-aaral sa pagsulat ng maayos at organisadong komposisyon, bumuo ng mananaliksik ng isang learning plano gabay sa pagtuturo upang maging patnubay sa pagtuturo ng pagsulat ng komposisyon. Ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang lalong malinang ang kakayahang sa pagsulat ng komposisyon na nakatuon sa paggamit ng kakayahang diskurso.

Ang learning plan ay naglalaman ng mga layunin na naglalahad ng mga inaasahang bunga na nais matamo ng guro para sa mga mag-aaral. Ang mga ito ang gagabay sa guro upang ang layunin ng pagtuturo ay matamo. May mga iba't ibang gawain na ginawa upang mahasa ang mga mag-aaral sa pagsulat. Sa tulong ng mga larawang isinama sa bawat learning plan, lalong makatutulong ang mga ito para makabuo ng isang magandang komposisyon.

Tatlong eksperto sa wika ang nagsilbing ebalweytor sa binuong learning plan. Ang kanilang mga mungkahi at puna ay ikinonsidera ng mananaliksik upang lalo itong mapaganda at makatulong sa mga guro ng wika.

Batay sa ibinigay na talatanungan sa mga ebalweytor tungkol sa binuong learning plan, lumabas sa resulta na lubos silang sumasang-ayon sa mga pamamaraan at mga nailahad na gawain

namakatutulong para mahasa pa ang kahusayanng mga mag-aaral sa pagsulat ng komposisyon.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Mula sa naging resulta ng pagsusuri, ang paggamit ng kakayahang diskurso ay makikita sa mga isinulat na komposisyon ng mga mag-aaral. Nagamit ang mga ito upang mas madali nilang maiparating ang kanilang mga mensahe sa mga sinulatan. Ang paggamit ng kakayahang diskurso ay bunga ng mga natutuhan, naranasan, at nabasa nila na nakakaimpluwensiya sa paraan ng paglalahad ng kanilang mensahe sa mga isinulat na komposisyon. Ang paggamit din ng mga ito sa pagsulat ay isang paraan upang maiwasan ang paulit-ulit na paggamit ng pangngalan sa loob ng komposisyon. Ang kakulangan sa bokabularyo at paggamit ng angkop na salita sa Filipino ay isa ring dahilan kung kaya't nalilimitahan sila ng mga salitang gagamitin kaya nagkakaroon ng paghahalo-halo ng mga salitang banyaga sa wikang Filipino. Malaki rin ang impluwensiya ng pagtetext sa gramatika at baybay ng mga salita dahil nasanay sila sa paraan ng pagtetext kaya pati sa pagsulat ng komposisyon ay hindi nila naiiwasan.

Ang paggamit ng nabuong gabay sa pagtuturo o learning plan ay nakatulong sa mga guro para maipaliwanag nang maayos sa mga mag-aaral ang tamang paraan ng pagsulat ng komposisyon. Mas naging organisado at nagkaroon ng kaisahan ang mga naisulat na komposisyon.

Upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang wastong pamamaraan ng pagsulat, kailangang dagdagan ang oras na ilalaan sa pagtuturo nito. Makatutulong ito upang mas mabigyan nang sapat na panahon ang mga mag-aaral na makasulat nang maayos na komposisyon at may kaisahan. Magbigay ng iba't ibang pagsasanay at mga gawain ang mga guro para lalong malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Hindi lamang dapat nakasentro sa mga kamalian o gramatika, kailangan ding bigyan ng iba't ibang pagsasanay at mas maraming pagkakataong makapagsulat ang mga mag-aaral. Maghanda rin ng isang aksiyon plan na gagamitin ng mga guro sa pagtuturo upang makita ang mga ginamit na uri at teknik na maisasama sa pagtuturo ng isang asignatura. Kailangang maging *flexible* ang guro sa paggamit ng gabay sa pagtuturo alinsunod sa mga kailangan ng bawat mag-aaral at sa asignaturang itinuturo. Magiging tugon din ito sa nakapaloob sa gabay pangkurikulum ng batayang edukasyon ng Kagawaran ng Edukasyon na

kailangang malinang ang pagsulat bilang kasanayang pampagkatuto.

TALASANGGUNIAN

- [1] Bernales L. (2002). *Mabisang Retorika sa Wikang Filipino*. Valenzuela City: Mutya Publishing House.
- [2] Visitacion, C. (2006). *Ang Bisa ng Pamamaraang Kolaborativ sa Pagsulat ng Komposisyon*. Dinalathalang tesis, Mariano Marcos State University, Laoag City.
- [3] Canale, M. and M. Swain. (1980). *Approaches to Communicative Competence. Seameo Regional Language Centre*. U.P. Education.
- [4] Bachman, L. (1990). *Fundamental Considerations in Language Testing*. New York: Oxford University Press.
- [5] Williams, J. (2005). *Teaching Writing in Second and Foreign Language Classrooms*. Chicago: McGraw Hill Companies, Inc.
- [6] Tarone, E. (1989). *Focus on the Language Learners: Approaches in Identifying and Meeting the Needs of Second Language Learners*. Oxford: Oxford University Press.
- [7] Mc Carthy, M. (1991). *Discourse Analysis for Language Teachers*. New York: Cambridge University Press.
- [8] Arrogante, J. (2007). *Sining ng Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Manila: Rex Book store.
- [9] Healy, A.E. & Walusayi, M. (1997). *Strategies for Writing: A Basic Approach*. Lincolnwood, Illinois: NTC Publishing Group.
- [10] Jorda, M. (2005). *Third Language Learners: Pragmatic Production and Awareness*. Great Britain: Cromwell Press Ltd.
- [11] Halliday, M. & Hasan, R. (1976). *Cohesion in English*. London: Longman.
- [12] Malicsi, J. (2003). *The ELP Writing and Reading Strategies*. Quezon City: The Classics Foundation.
- [13] Villafuerte, P. & Bernales, R. (2008). *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga Teorya at Praktika*. Valenzuela City: Mutya Publishing House.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).